# PANUNURING PAMPANITIKAN

INIHANDA NINA:
Bb. Romelyn Allan Tabbu
Bb. Rosemelyn Libed dela Cruz
Bb. Kimberly Bucayu Atal

Bakit natin kailangang magsulat?

Paano ba magsulat?

Paano magturo ng pagsusulat?

Paano magpahalaga sa panulat?

# PANUNURING PAMPANITIKAN

- Ito ay isang malalim na paghihimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang dulo ng kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa malikhaing manunulat at katha.
- Isang pag-aaral, pagtalakay, pagsusuri at pagpapaliwanag ng panitikan.

# MGA KATANGIAN NG MAHUSAY NA AKDANG PAMPANITIKAN NA MAY KABULUHANG PANLIPUNAN:

**1. Malinaw**

- Sa isang malinaw na akdang pampanitikan dapat ay malinaw ang paksa. Ang nilalaman nito mula sa simula hanggang sa dulo ay dapat may kaugnayan sa isa’t-isa.

**2. Organisado**

- Ang isang mahusay na akdang pampanitikan ay organisado. Nararapat na magkakasunod ang ideya ng bawat pangyayari upang maintindihan ito ng mambabasa.

**3. Boses**

- Ang boses sa panitikan ay ang paraan ng awtor upang maiparating ang kanyang ideya sa mambabasa. Sa isang mahusay na akdang pampanitikan ang boses ay hindi nagbabago at nakikilala ng mambabasa.

**4. Kredibilidad**

- Ang kuwento o salaysay ng isang mahusay na akdang pampanitikan ay totoo o kapani-paniwala. Maaaring may kaugnay na karanasan ang mambabasa sa nasabing akda.

**5. Nakakaantig ng damdamin**

- Dapat nakakaakit, nakakareleyt at nakakakuha ng atensyon ng mga tao ang isang akdang pampanitikan.

# ANO ANG PANUNURING PAMPANITIKAN?

Ang pilipinas ay isa sa mga bansang may mayamang kasaysayan ng panitikan. Bago pa dumating ang mga mananakop ay may umiinog na tayong panitikan tulad ng mga PASALINDILANG PANITIKAN O ORAL LITERATURE, kasama rito ang mga *bugtong (riddles), sawikain, at matatandang epiko ng sinaunang lahi.*

Sa paglipas ng panahon at pagdating ng mga kolonisador, kasabay ng kanilang kanilang pananakop sa ating lupain at naipasok din nila ang kanilang mga panitikan mula sa kanilang bansa. Nadagdagan ng nobela, maikling kwento, iba't-ibang uri ng dula sanaysay at marami pa. Laman ng mga panitikang ito ay ang pagkabansa natin. Sabi nga ng batikang manunulat at kritikong si SOLEDAD REYES 1992 sa kanyang librong kritisimo na kalimitang pagbibigay kahulugan natin sa panitikan ay isang *salamin, larawan, isang repleksyon ng buhay/karanasan/lipunan/kasaysayan.*

GAYUNDIN ANG PANANAW NA ANG PANITIKAN AY ISANG AKDANG KAPUPULUTAN NATIN NG ARAL SA BUHAY TULAD NG METODOLOHIYA NG PAGTUTURO NG PANITIKAN SA MGA BATA.

Ayon kay Matthew Arnold, isang banyagang kritiko noong ika-19 siglo, ang panunuring pampanitikan ay " a disinterested endeavor to learn and propagate the best that is known and thought in the world." Isa itong disiplinang sumusubok na ilarawan, aralin, analisahin, kilatisin at bigyang interpretasyon ang isang likhang sining.

Kaya kung sinumang nagtataya sa isang panitikang mapasulat, biswal, o pasalita ay isang kritiko. Isang terminolohiyang galling sa likhang griyego na "krino" na ang kahuligan ay "maghusga".

Naitala ang unang pagkritiko ng akda noon ng isang gurong nagngangalang PHILITAS sa ALEXANDRIA noong 305 BCE. Siya ang nagturo sa isang bata ng panunuring pampanitikan at kalaunan ang batang ito ay naging si KING PTOLEMY II.

Isa sa mga sinaunang panunuri ay ang TRADISYONG PORMALISTA O NEO-ARISTOTELIAN. Sa ganitong pagtanaw ay inaalam ang karanasan ng tao na siyang kinakatawan ng akda. Ito ay nangangahulugang ang panitikan ay isang representasyon ng danas ng tao.

Sa Pilipinas, mayroong pormalistang panunuring ginawa sina:

1. Pambansang Alagad ng Sining Virgilio Almario sa akda ni C.H Panganiban na "Three O'clock in the Morning".
2. Propesor Epifanio San Juan Jr. sa akda ni Amado V. Hernadez na " Sa Wakas ng Halaklak".

Sabi ni Dr. Rosario Torres Yu (2006) ng Unibersidad ng Pilipinas na ang ganitong panunuri ay naghuhubog ng ideya ng mga karanasang dapat kasangkutan ng mambabasa mula sa akda. Aniya ang mga sumusunod ay nakakatulong sa pagsusuri:

1. Anong karanasan sa akda ang hinihingi nito na kasangkutan mo?
2. Ano ang kamalayang pinaiiral ng akda?
3. Bakit ganoon ang ugali/paniniwala ng mga tauhan?
4. Anu-ano ang minamahalaga sa paglalarawang ito? Bakit?
5. Kaninong ideolohiya ang pinatitibay o di kaya kinokontra ng akda?
6. Paano ito nagagawa ng teksto?

# KASAYSAYAN NG KRITISISMO SA PILIPINAS AT PANANAW NG MGA PANGUNAHING KRITIKO.



Ang kritisismo ay bahagi ng edukasyong kolonyal na dala ng mga amerikano. kasama sa edukasyong dala-dala nila ay ang mga panitikang inaaral ng mga pilipino noon ay malayo sa mga personal nilang karanasan . Kasama rito ay ang kritisismong ginagamit sa panitikan na nagmula rin sa mga kanluraning bansa. Samadaling salita, tinuturuan ang mga pilipino sa pamamaraang hindi angkop sa kanila. Si pambansang alagad ng sining Bienvenido Lumbera na rin ang nagsabi na:

*" THE UNIVERSALIST APPROACH HAS BEEN USED, TIME AND AGAIN, AS A SUBSTITUTE FOR THE GENUINE CROSS-CULTURAL STUDY THAT DELINEATES AND SEEKS TO EXPLAIN NOT ONLY THE CORRESPONDENCE BUT ALSO THE DIFFERENCES BETWEEN THE EXPERIENCE OF ONE SOCIETY AND ANOTHER. AS A TENDENCY IN THE PHILIPPINE CRITICISM, IT HAD SET ASIDE SOCIAL AND HISTORICAL DATA THAT WORLD OTHERWISE PRECLUDE VALID APPLICATION OF CRITICAL NORMS EVOLVED IN ONE CULTURE ON CREATIVE WORKS THAT FLOWERED IN A DIFFERENT CULTURAL SETTING."*

Ang ganitong pananaw ni kritisismo ni lumbera ay isang hamon sa ating mga mambabasa ng panitikan, gayundin sa mga iskolar na bumuo ng isang dulog o panunuring taal na masasabing sa atin sapagkat lagi na lamang umano tayong naka-angkla sa kung anumang ididiktang pananaw ng mga nasa kanluran.

Mayroon na ring mga naunang talata ng pagtatangka ng panunuring pampanitikan sa Pilipinas noong panahon ng mga Amerikano. Ayon kay Soledad Reyes, ang mga ito ay nakasulat bilang mga polemikong sanaysay at polyeto noon ito ay ang mga sumusunod:

- Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog – Julian Cruz Balmaseda (1939)
- Ang Panulaang Tagalog – Inigo Regalado (1947)

## NGUNIT KARAMIHAN UMANO NG MGA NANGUNANG PAG-AARAL AT PAGSUSURI NG PANITIKAN AY WALANG MALINAW NA PAMANTAYAN NG PAGSUSURI O PAGKILATES.
## AYON DIN KAY REYES:

*Sa mga akdang sa unang hati ng ikadalawampung dantaon, bihira ang kritiko o iskolar na matiyagang nagpapaliwanang ng teoretikal na batayan ng kanyang analisis/pagsusuri at pagtaya (kung bakit maganda o hindi maganda ang isang aklat). Hindi malinaw kung ano ang pinag-ugatan ng pagsusuri ni regalado sa nobela, ni del mundo ng maikling kwento, ni abadilla ng tula, o ni de los reyes ng dula. Kalimitan ay maluwag sa kaloobang tinatanggap bilang isang taong may karapatang sumuri at mabigay ng pagpapahalaga sa panitikan. Subalit hindi naisip ng mga naunang kritiko na ipabatid kung ano ang kanilang oryentasyon ay isang unibersal na pananaw na walang ugat sa kasaysayan o sa kultura ng mga bansang kanluranin na ang panitikan ay salamin ng buhay ay isang konseptong tunay na malabo subalit maluwag na tinanggap ng mga kritiko sa kanilang pagdidiin na ang mahasay na akda ay tunay na salamin ng buhay.*

Kaya naman isang hamon ang gustong ipabatid sa mga mambabasa ng panitikan ang mungkahi ni Pambansang Alagad ng Sining Virgillo Almario (1997) na gumawa tayo ng “Bagong Pormalismong Filipino”, na sagot natin sa kultura ng kritisismo ng kanluran. Dito ay nagnanais mag-iwan sa atin ng katanungang inilahad ni Almario na, “Paano kung ang sangkap ng akda ay katutubo at orihinal? Paano kung hindi ito akma pa sa pamantayang kanluranin sapagkat gumagamit ng ibang pamantayan?

- Paglilinaw ni Almario:
- *Ito ang problematika na dapat harapin at lutasin ng kritisismong Filipino. Nangangahulugan ito ng paglabas kung hindi man pagtatakwil sa bilangguan ng panunuring Kanluranin. Nangangahulugan din ito ng paglikha ng mga bagong kasangkapan at pagsusuri, isang napakabigat na trabaho kapag ikinompara sa naganap at nagaganap na paghiram lamang ng teorya't makinaryang pansuri sa Europa at Estados Unidos. Kapag nangyari, isang maluwalhating yugto ito sa kritisimo at sa wikang Filipino. Hindi lamang matutuklasan ang autentikong pamantayang Filipino, mapapanday din ang mga salitang katutubo at higit na mapapatingkad ang malikhaing katangian ng wikang Filipino.*

SAMU'T SARING PANANAW AT MUNGKAHI ANG NAGMULA SA MGA KRITIKO AT NASA AKADEMIYA. AYON KAY PROPESOR NICANOR TIONGSON NG UNIBERSIDAD NG PILIPINAS AY MAY LIMANG KATANUNGANG DAPAT MABATID AT MASAGOT NG SINUMANG NAIS MAGING KRITIKO.

1. **Ano ang nilalaman o ipinaparating sa atin ng likhang sining?**
2. **Paano ito ipinararating?**
3. **Sino ang nagpaparating?**
4. **Saan at kailan sumupling ang likhang sining na ito?**
5. **Para kanino ang likhang sining na ito?**

# MGA DOMEYN O SALIK NG PANITIKAN AYON KAY DR. ROLANDO TOLENTINO

Naging masusi ang pagtalakay ni Tolentino sa mga pangunahing domeyn ng panitikang dapat sipatin o suriin sa tuwing tayo ay nagbabasa ng panitikan. Sa kanyang libro “pag-aklas pagbaklas pagbagtas: politikal na kritisismong pampanitikan” na inilimbag ng university of the philippines press ay naghain siya ng apat na domeyn. Ayon sa kanya ang mga domeyn na ito ay perspektibong sumusuri sa kultura at pagkatao ng mambabasa. Inulit muli ni tolentino ang kahalagahan niti sa kanyang introduksiyon sa mga kuwento sa librong “paano magbasa ng panitikang filipino.” Ang mga domeyn o salik na ito ay ang mga sumusunod:

1. **Uri**
2. **Lahi at Etnisidad**
3. **Sekswalidad at Kasarian**

Ayon parin kay tolentino ay nahahati sa dalawang kaantansan ang bawat domeyn: ang pribilihiyado at naisantabi. Nais bigyan ng paliwanag ang kaangkupan ng detalye,  aksyon at paghiwatig sa kuwento.

1. **URI**

- Ekonomikal ang pagsipat sa unang domeyn.
- Sabi ni Tolentino, “nakasalalay ang pagbibigay ng pribilehiyo sa mga <u>maykaya</u> batay sa pag-aari ng puwersa ng produksyon: lupain, capital at lakas-paggawa.”

Ilan sa mga makatutulong na katanungan ay ang mga sumusunod:

1. Bakit kumikilos at nag-iisip ang mga karakter sa kuwento ng ganoon?
2. Paano naaapektuhan ng pagkakaroon at kasalatan ng yaman ang kanilang pag-iisip, kamalayan at aksyon?
3. Paano ito nag-iiba batay sa kung sino ang mayroon at wala sa lipunan at panahon ng kuwento?
4. May relasyon ba ang kakayahang ekonomikal ng tauhan sa kaniyang pagdedesisyon?
5. Paano napaigting ng tunggalian ng uri ang kuwento?

## 2. LAHI AT ETNISIDAD

- ang pinagmulan ng kapwa ang pangunahing nais alamin ng salik na ito at relasyon nito sa paggalaw ng lipunan.

Halimbawa:
Noong sinakop ng mga kolonisador ang Pilipinas ay pumasok ang mga naghaharing lahi sa daigdig at dala nito ay pagababago ng galaw ng lipunan. Noong panahon na kolonisasyon ay nakaangat ang mga mananakop. Hindi pantay ang pagtrato sa mga katutubo. Laging mas nakatataas sa lahat ng aspeto ang mga kastila.

Ilan sa mga makatutulong na katanungan ay ang mga sumusunod:

1. Mayroon bang ipinahahahayag na kaisipan ang akda sa usapin ng lahi o etnisidad?
2. Paano ang pagtrato ng mga tauhan sa bawat isa batay sa lahi o etnisidad?
3. Ano ang dahilan o pinagmulan ng pagmamaliit sa mga maisantabi?
4. Bakit may ibang pagtrato ang mga pribilihiyado? Saan nagmula ang ganitong pananaw?
5. Ano ang pananaw ng akda sa *marginalization* o marhinilisasyon?

## 3. SEKSWALIDAD AT KASARIAN

**-** mayaman ang panitikan natin sa mga akdang may isinasatinig na boses ng partikular na kasarian. Ang kulturang sinasalamin Ang mga akdang pampanitikan ay nagtatakda ng pagtrato, pagtanggap, at pag-uri natin sa ating kasarian. Noon pa man ay namamayani na sa ating lipunan ang paghahati ng kasarian mula panahon ng katutubo hanggang sa mga bagong anyo nito sa kasalukuyan.

Halimbawa:

Mababasa natin ang mga kwento ng mga babaeng manunulat sa libro ni Rosario Torres-Yu na Sarilaysay: Tinig ng 20 babae sa Danas Manunulat na inilimbag ng Anvil Publishing at libro ni Neil Garcia sa Philippine Gay Writing.

Sa paglipas ng panahon nagtatakda ang ating lipunan at kultura kung ano at paano gumalaw ang ating kasarian. Sa panahon ng kastila namamayani ang *patriyarkal* na lipunan kung saan ang tingin sa kababaihan ay pambahay lamang at walang karapatang mag-aral. Dumaan din sa panahong hindi tanggap sa ating lipunan ang ikatlong lahi na tinatawag kung saan isterotipikal ang pagtingin sa kanila ng lipunan na kakatwa lamang. Samantalang sa kasalukuyang panahon ay masidhi ang paglaban sa *gender discrimination*. Pangunahing layunin ng ganitong domeyn ay kilitasin at ipaliwanag ang agwat sa pagitan ng mga kasarian.

Malawak ang feminismong pananaw. Maraming iskolar na mula sa iba't-ibang bansa at nanguna at nagsusulong ng panunuring ito.Dumami na rin ang uri ng feminismo gaya ng *third world feminism, separatist feminism, ecofeminism, cultural feminism, postmodern feminism,* at marami pang iba. Lumitaw ang teoryang ito na dahil pa rin sa paniniwala ng karamihan na ang panitikan ay nasa kamay ng mga lalaking manunulat. Nais itong basagin ang pagkakahon at kumbensyunal na pagtingin sa mga babae sa panitikan na mahina, marupok, sunod-sunuran, emosyonal, at iba pang uri ng pang-aapi.

Ilan sa mga makatutulong na tanong:

1. Ang naratibo ba ng kwento ay mula kanino? Sa punto de bista ba ng lalake o babae?
2. Ano ang pinalulutang na pagtanaw sa kababihan?
3. Analisahin ang mga karakter na babae, paano sila kumilos? Magsalita? Mag-isip?
4. Mayroon bang boses ang babae sa lipunan? O wala?
5. Tingnan ang kulturang pinagmulan ng manunulat, paano ipinahahahayag ang kalakasan at kahinaan ng kasarian?
6. Sino ang mas may boses sa kabuuan ng kuwento?
7. Mayroon bang simbolohikal na tagpo ang mga babae?

Samantalang ang Queer Theory ay nagsasaad na ang ating personal na identidad ay patuloy na nagbabago. Nagsimula ito noong 1980's bilang *gay and lesbian studies* na nagmula rin ang pinakaideya sa sinusulong ng femenismo. Dito, nais nilang isatinig ang boses nilang matagalan nang wala o di kaya naman ay sinadyang hindi isama sa kanonisadong panitikan at kahit na rin sa kasaysayan.

Ilan sa mga nakatutulong na tanong:

1. Paano pinalulutang ang oryentasyong pangkasarian ng mga tauhan sa kuwento?
2. Mayroon bang gusting isatinig ang mga tauhang kabilang sa LGBTQ?
3. Ano ang impluwensya ng lipunan sa paghubog ng oryentasyong pangkasarian?
4. Ang tauhan ba ay mula sa LGBTQ? Ano ang kanyang ipinaglalaban?
5. Nakaapekto ba nag oryentasyong pangkasarian ng tauhan sa kuwento?

## ANG PAGBASA BILANG PAGLIKHA (Soledad S. Reyes)

BILANG ISANG INSTITUSYON, maraming elementong taglay ang panitikan. Kasama rito ang lipunan/ideolohiya na nagbibigay daan at humuhubog sa pangkalahatang kaisipan ng teksto,ang manunulat na tagalikha ng may akda,ang teksto na bunga ng maraming mga impluwensya,at ang mambabasa na tagatanggap ng sinasabi o di-masabi ng akda at ng kamalayan nito. Marami nang teorya ang nabuo upang ipaliwanag ang isa sa mga elementong ito at kaugnayan nito sa iba pang elemento.

Halimbawa;

- Sa historical na teorya ng panitikan,madalas pinag-uugnay ng kritiko ang teksto at ideolohiyang pinag-ugatan ng ng akda.
- Sa iba pang pananaw,tinatangka ng kritiko na ipakita ang ugnayan ng manunulat at ng kaniyang likha,ang masalimuot na proseso ng pagpasok sa akda ng samot-saring pangyayari o impresyon sa personal na buhay ng isang nobelista o makata.

- Layunin ng kaniyang sanaysay *na makabuo ng isang kapani-paniwalang teoryang magsasaalang-alang sa mahalagang papel na ginagampanan ng mambabasa sa pagbuo ng mga kahulugan ng akda*. Sa ganitong tunguhin,magkakaroon ng sumusunod na estruktura ang talakay.
- Sa unang bahagi, ipinapaliwanag niya kung bakit nagkaroon ng balakid sa pagsisikap na pahalagahan ng nagaganap sa kamalayan ng mambabasa sa panahong binasa niya ang akda. Sa ikalawang seksyon,tatalakayin ang papel ng mambabasa sa sistemang paglikha ng kahulugan;ilan sa mga kategoryang tutukuyin ang wika,ang tinatawag na intertekstuwalidad,ang mambabasa bilang subject at ilan pang kaisipan.

Sa susunod na dibisyon, pagbabalikan ang bukal ng tradisyunal na kritisismo , lalong lalo na yaong naganap sa nobela at ipakikita ang pinag-ugatan ng teoryang nagsasaalang-alang sa bunga ng akda sa buhay ng mambabasa. Ang kahuli-hulihang paksa ay tatalakay sa binubuong teorya ng pagbasa na pinainog sa pangangailangang muling ibalik ang mambabasa sa Sistema ng panitikan na malaon nang nagtakwil sa kanya.

## ILANG BALAKID SA PAGPAPAHALAGA SA MAMBABASA

Ang unang balakid sa pagbabalik ng mambabasa bilang importanteng sangkap sa pagbuo ng kahulugan ay matatagpuan sa kolonyal na konteksto ng kanonisadong teorya at kritisimo.

Ang salitang "kanonisado" ay ipinakakahulugan dito bilang *sagrado, banal, iginagalang, at samakatwid,makapangyarihan sapagkat di-pangkaraniwan.*

- Ang kanonisadong teorya at kritisismong namamayani sa kasalukuyan sa maraming larangan ng panitikan sa bansa ay nagtataglay ng malinaw na kontekstong kolonyal.

Nangangahulugan na ang argumento ng sanaysay ay ang sistemang kanonisadong nakaugat sa isang kolonyal na nakaraang may ugnayan ang Pilipinas sa Kanluran isang relasyon ng dominasyon at subordinasyong nagsangkot sa lahat ng bahagi ng lipunan, lalong lalo na sa kultura.

Sa madaling salita, may antagonismong namamayani , ang katutubo laban sa banyaga, ang katutubo at tradisyunal na kritikong aral sa mga teorya na panahong klasikal at romantiko sa Europa (mga aklat sa kastila na salin mula sa mga kritisismong galling sa Gresya, Roma,edad media sa Europa atneo-klasisismo at romantisismo sa ikalabinlima at ikalabinsiyam na dantaon sa Europa) laban sa kritismong naghari sa Amerika at Inglatera sa mga panahong 1940-1960. Bahagi ng ganitong antagonism ang wikang ginagamit, ang Filipino na sinandigan sa tradisyunal na kritiko at ang Ingles na ginamit ng mga kritiko (Pilipino man o dayuhan) na siyang sumulat ng mga aklat at sanaysay na kakikitaan ng pagpasok ng mga makabagong mga kaisipan hinggil sa panitikan.

- Sa higit na partikular na pagsusuri,makikita ang isa pang balakid sa uri ng kritisismong nangibabaw sa dalawang pangkat ng mga kritiko- *ang mga Formalismo na naunang nagsulat sa Ingles at sumuri sa mga akdang naisulat sa wikang banyaga,* at *ang mga kritikong sosyolohikal/historical na nag-aaral ng mga akda sa katutubong panitikan mula sa isang perspektibang tumanggap ng impluwensya ng Marxismo,isang makapangyarihang Sistema na maimpluwensya sa paghubog sa kamalayan ng maraming kritiko*.
- Noong *ikapitong dekada* sa paglitaw ng mga pagsusuring malinaw na nabahiran ng doktrinang hango kina Cleanth Brooks, Percey Lubbock, Marck schorer, Robert Penn Warren at iba pang kritikong amerikano.
- Sa doktrinang formalistiko, higit na pinahahalagahan ang teksto-ang particular na anyo, disensyo, imahen, tono, punto de bista nito.
- Karaniwang sinusuri ang teksto bilang likhang tiwalag sa sumusunod na mga kategorya-lipunan, ideolohiya, talambuhay ng manunulat at mambabasa.

Makikita ang obhetibong kahulugan ng akda sa pamamagitan ng maingat at masusing pog-aaral sa panloob na katangian ng akda sa sumusunod sa ilang batas alituntunin. Nagkakaroon lamang ng transaksiyon ang kritiko at ang tula.

Halimbawa:

- Si Cleanth Brooks at ang tulang “Ode to a Grecian Urn” ni John Keats.
- Sa aplikasyon sa Pilipinas,ilang halimbawa ang mga pagsusuri nina *Ricaredo Demetillo(sa tula sa Ingles)* at *Leonard Casper (isang kritikong amerikano na nag-aral ng panitikan sa Ingles)*
- Sina Bienvenido Lumbera at Virgilio Almario ay dalawa lamang sa mga nagsipag-aral ng katutubong panitikang naimpluwensyahan ng formalism,lalo na sa dekada ngayon.
- Kolonyal ang teksto ng Formalismo sapagkat isang programang layunin lamang ng paliwanag ang ginamit bilang pamantayan sa pagtaya sa katutubong panitikan-sa Ingles o sa Filipino.

- Sa kanluran, lumitaw ang formalism bilang reaksiyon sa imperyonistikong pagsusuring nagaganap noon; kabilang sa nilalabanang Sistema nito ang sosyolohikal, moralistiko, historikal na pananaw na nagsuri sa lahat ng bagay maliban sa aktwal na teksto.

Ang pagsulpot ng Formalismo ay higit na nakaugnay sa mga puwersang historical at sosyolohikal na bumuo sa lipunan sa kanluran sa unang hati ng ikadalawampung siglo-ang industriyalisasyon,ang dalawang digmaang pandaigdig,ang pamamayani ng agham,ang pagkawala ng mala-Diyos na kalagayan ng tao,ang naghaharing indibidwalismo,at marami pang masalimuot na pangyayari sa kasaysayan.

Nagmula rin sa Formalismo ang panibagong suporta para sa tagisan ng elihista at “bakya”.

Sa pananaw na formalistiko,lalong tumibay ang paniniwalang nararapat na gawing pamantayan ang mga katangiang hinahanap na formalismo sa mahusay na akda.

Itinapon sa labas ng kanonisadong akda ang mga likhang sentimental,nangangaral,gumagamit ng dekahong wika,walang ironiya,hindi gumagamit ng sariwang image;ang anumang kumbensyonal at tradisyonal na hindi pumasa sa panlasa ng mga kritikong makabgo ay tinatayang hindi karapat-dapat na ibilang sa mahuhusay na katha.

- Kung sa kritisismong formalistiko ay nabalewala ang mambabasa bilang bukal ng kahulugan,sa kritisimong Marxismo ay ibinabatay sa konseptong ang mambabasa ay kailangang imulat sa mga kontradiksyon ng lipunan;madaling salita pumasok ang publiko bilang mga taong kailangang gisingin sa kanilang kalagayang api;malinaw din sa ganitong historical na panaanw na hindi sapat ang maglarawan;kailangang usisain ng may akda ang mga karanasang pinag-ugatan nito sa lipunan.
- Ang mahusay na akda ay yaong naglalahad ng kontribusyon ng lipunan na sinusuri sa isang obhetibo at siyentipikong pamamaraan.

Ano-ano ang mga implikasyon ng ganitong mga paniniwala sa papel ng mambabasa?

1. Nagkakaroon ng pagkiling para sa mga akdang realistiko-ang kalakarang nagtutulak sa isang manunulat upang masinsinang suriin ang mga karanasang panlipunan at ilarawan ang mga ito sa panitikan.

2. Sa ganitong paghahari ng realistikong pamantayan,muling pinagkibitang-balikat ang mga akdang popular na karamihan ay hindi nangahas tumukoy sa nag-uumigting na tagisan ng pwersa sa lipunan sapagkat nagkasya sa paglalarawan ng pagkawala ng pagmamahal ng isang binata sa dalaga,o mga pagtitiis ng isang ina,paghihuganti ng isang nilalang na naunsiyami sa pag-ibig. Nakondena ang mga mambabasa na mahilig bumili ng mga ganitong mga lathalain,bilang pasibo,walang alam,ignorante at mahilig tumakas sa buhay.

- Ang dalawang mahalagang Sistema ng kritiko-ang formalism at Marxismo-ay lumikha ng larawan ng mambabasa bilang indibidwal na hindi kailngang isali sa paglikha ng kahulugan.
- Hindi gaanong nagtuon ang kritiko ng atensyon sa mga teoryang pinagmulan ng kanilang mga kritisismo. Batid nila ang praktikal na aplikasyon ng pagsusuri-ang mga abstraktong kaisipang pinagmulan ng ibang prinsipyo sa analisis.
- Ang marxismo ay kakaiba sapagkat may tinatawag na teoryang marxista na hinango sa mga sinulat nina Marx at Engels,Lenin,Trotsky,Mao Zedong at iba pang kritikong banyaga.
- Maraming teorya ang mabubuo sa pagpapaliwanag ng isang grupo ng phenomena.Ang bias at kabuluhan ng teorya ay nakasandig sa sistematiko at lohikal na pagpapaliwanag ng mga prinsipiyong sinusundan ng isang antas na abstrakto.

**Ang paglikha ng Kahulugan**

- Konsepto ng teksto- ang akda na binubuo ng mga salita.

Salita- nagtataglay ng maraming kahulugan batay na rin sa pagkakagamit sa mga ito.

Ang mga salita ay sagisag (sign) na binubuo ng dalawang sangkap ang sinasagisag (signified) at ang nananagisag (signifier).

Bumubuo ang mga salita ng isang Sistema na nakapaloob sa sistemang ito-tula, kwento o nobela ang realidad na nilikha sa pagsasama-sama ng mga particular na salita.

Maaaring tanggapin ang kaisipan na ang wika mismo ang pook o lugar ng pagtatagisan ng maraming kahulugan.Batay naman sa paniniwalang ang wika ay hindi isang sistemang maunawaan at kusang nagpapahayag na malalim na kahulugan;hindi ito isang transparent.

Mahirap itong sukulin at mahirap ding pasukulin upang ilitaw ang wastong kahulugan ng mga salita. Sa pagsasanib ng mga salita sa pagbuo ng pangungusap,sa pagsasanibng mga pangungusap upang bumuo ng mga talata,sa pagsasama-sama ng mga talata upang bumuo ng kabanata,lalong nagiging masalimuot ang proseso na kakakakitaan ng pagtatagisan,"pag-aaway' ng iba't-ibang kahulugan sa bawat pagbabagong magaganap sa Sistema.

- Di kumbensyonal na teorya ng wika

Ang wika ay instrument/ahente/sisidlan lamang ng mga realidad na nasa labas ng wika,na naririyan na ang mga realidad at ginagamit lamang ang wika upang usalin o ipahayag ang malaon nang nilikhang realidad.

Sa Teorya nila de Saussure;

Mismong wika ang lumilikha sa realidad-ang particular na tula,o nobela,o kuwento.

Sa makabagong teorya;

Hindi isang parasite ang mambabasa/kritiko sa lubusang naksandig o umaasa sa mayamang organism,ang akda,upang mabuhay. Ang kritiko/mambabasa ay buong laying lumilikha ng mga kahulugan sa kanyang pagbabasa ng akda.

- Ang mambabasa – tinitingnan ang mambabasa bilang pasibo,walang tutol na tagatanggap lamang ng mga bagay bagay na taglay ng akda. Siya ay indibidwal na walang lakas o kapangyarihang tumugon o sumagot o makipag-ugnayan sa isang malikhaing paraan sa masalimuot na Sistema-tula o nobela.

- Mahalagang isipin ang nagaganap sa damdamin at sa imahinasyon ng isang mambabasa sa akto ng pagbabasa;hindi lamang ang kaniyang isipan ang isinasangkot sa isang pagbasa.
- Norman Holland- isang kritikong gumagamit ng mga kaisipang hango sa sikolohiya sa kanyang pagpapaliwanag ng transaksyon ng teksto at mambabasa.
- Pagsusuring Ermenyutika-nagsasaad na ang pag-unawa sa kahulugan ng akda ay isang prosesong nagaganap sa loob ng isang komplikadong sistemang binubuo ng maraming antas.
- Sa mga aklat nina Hans Gadamer at E.A Hirsch halimbawa, tinatalakay hindi ang relasyon ng mambabasa at ng akda, kundi higit na mahalaga, ang prosesong nagbibigay daan sa makabuluhang pag-uunawa ang mga hakbang na dinaraanan sa pagbibigay kahulugan sa teksto (subjectivity).

-  Horizons of expectation (Hans Robert Jauss)- inaasahan mula sa teksto batay sa kanilang  mga ekspektasyong nabuo dahil sa nauna nilang mga akdang nabasa.

Halimbawa:

Sa pagbasa ng Ang Ginto sa Makiling(1947) ni Macario Pineda,ang reaksiyon ng isang tao ay nababatay sa kaniyang kaalaman hinggil sa matulaing alamat ng makiling.

Dalawang antas ng isang konsepto:

- Antas na mala-alamat
- Antas na binubuo ng mga aktuwal na pangyayari sa nobela

Isang halimbawa ay ang florante at laura ni Francisco Baltazar. Ang interpretasyon dito ay yaong namamayaning kahulugan ang tula bilang protesta laban sa mga kastila.

Si Balagtas ay patuloy na babasahin at susuriin sapagkat bawat henerasyon ay maklilikha ng sariling kahulugan ng teksto.Isa itong malinaw na ang mambabasa ay may layong lumikha ng kanyang kahulugan batay sa kanyang pagkaunawa sa teksto at sa kanyang kalagayan sa kontekstong historikal.

- **Ang Mambabasa sa Kritisismong Tradisyonal**

Ano ang tingin ng mambabasa sa tradisyonal na kritisismo?

- Sa mga pagpapakilala na sinulat ng mga batikang nobelistang tulad nina Francisco Laksamana, Lope K. Santos, Inigo Ed.Regalado at iba pa ay malinaw na pinahahalagahan ng mga manunulat ang mambabasa. Malinaw itong makikita sa pag-uukol ng ilang pananalitana inihandog sa baying maralita/sambayanang Pilipino?kapwa Pilipino.
- Isang makabuluhang argumento sa panahong ito (1905-1940) na ang nobela ay nararapat tingnan bilang bukal ng mga aral na maaaring pagbungahin sa buhay ng mambabasa.
- Fausto Galauran- nobelistang sinusulat ang mga nobelang nagtatampok sa mga katutubong gawi at kilos upang labanan ang pagpasok ng modernisasyon.
- Ang nobela ay lumabas bilang bukal ng aral at aliw para sa libo-libong mambabasa nito sa Liwayway, Aliwan o bulaklak.
- Ang anumang teorya ng nobela ay kinakailangang magbalik-tanaw sa kalipunan ng lathalaing nasulat noong nakaraang panahon.

- Halimbawa ng Panunuring Pampanitikan sa Nobela
- Ang Satanas sa Lupa ni Celso Al. Carunungan: Repleksyon ng Kamalayang Sosyo-Pulitikal sa Bansa ni Pat V. Villafuerte
- Ang Isyu Sosyo-Politikal sa Bansa: Isang di Komprehensibong Bisyon

Ang paghubog ng kamalayang Pilipino ay nasasalig sa kalinangang historical at kultural ng mga mamamayan at pamamagitan ng mga pwersang sosyo-political sa bansa.

Ang panitikan: Sintesis ng Ugnayang sosyo-political

Ang panitikan ay hindi lamang pagpapahayag ng damdamin ng tao nang nauukol sa mga bagay-bagay sa kaniyang paligid kundi isang makapangyarihang lakas na may bahaging ginagampanan sa pakikipag-ugnayang panlipunan.

Scott(1974)

Ang Pag-uugnayang panlipunan ay nakapagdaragdag ng lakas sa manunulat upang ito ay gawing kasangkapan sa pag-aaral na panitikan sa pag-ayon sa kanya,ang ugnayang panlipunan sa panitikan ay masusuri bilang salamin ng lipunan.

- Ayon kay Tatad kilalang politiko at mamamahayag;

Masasalamin sa panitikan ang problema ng bansa. Sa paglalahad ng problema,natural lamang na may panig na kikilingan ang mga manunulat.

- ANG UGNAYAN NG PANITIKAN AT LIPUNAN,AT NG PANITIKAN NG POLITIKA AY RESIPROKAL.

Ang panitikan ang kinalabasan ng kamalayang pampolitika kung ang lipunan ang pinamumugaran ng iba’t-ibang kasiraang pampolitika. Ang panitikan ang buhay na larawan sa paghubog ng kamalayang sosyo-political sa bansa.

Si Celso Al. Carunungan :Tagapagsiwalat ng Satanikong Realidad

- Realismo : kasintada ng panitikan

nilalayon nitong mailarawan ang buhay sa iba’t ibang manipestasyon nang di na kailangan pang magtaglay ng ganda o buhay. Inilalarawan nito ang buhay sa paraang matapat,makatotohanan at makalayunin.

- Celso Al. Carunungan- ay kabilang sa mga manunulat at nobelista na itinuturung ang realidad bilang mabilang kasangkapan sa pagpapalaganap ng kaisipan tungo sa pagsulong ng lipunan.
- Hangarin ni Carunungan ay Makita ang elusibong lihim ng buhay na makapagpapaligaya sa kanya't makapagbibigay-daan sa pagsasakatuparan ng kanyang pangarap sa tulong ng edukasyon. Mahigit 20 na aklat na naisulat sa ingles at Pilipino ay pagpapatunay na ang isipan ng premyadong nobelista't manunulat ay tumutugon sa kanyang pilosopiya na ang panitikan ay mananatiling buhay hanggat ang daigdig ng malikhaing guni-guni ay patuloy na umiinog.
- Rofino Alejandro (1950)- Kilalang manunulat ay naniniwalang ang isang manunulat ay nakalilikha ng isang obra maestro salig sa kanyang kaisipan o pilosopiyang pinaniniwalaan.
- Pangulong Marcos sa kanyang talumpati sa ika-25 anibersaryo ng Carlos Palanca Memorial Awards for literature na idinaos sa Cultural Center of the Philippines noong Setyembre 5,1975:

Ang tunay na manunulat ay sumusulat,hindi upang ipahayag ang kanyang sarili kundi maragdagan ang kanyang ipinapahayag.

## PAGSUSURI NG SATANAS SA LUPA; REPLEKSYON NG KAMALAYANG SOSYO-POLITIKAL SA BANSA

Ang satanas sa lupa ay isang kontrobersyal na nobelang nilulukban ng kamalayang sosyo-political sa bansa.Ito’y naglalahad ng mga suliranin at kahinaan ng ilang piling indibidwal na patuloy na pinapanday ng pwersang panlipunan at inilahad upang mabuo ang kaisipan ng banghay tungo sa matagumpay na epekto ng totalidad.

Taglay ng nobelang ito ang tatlong mabisang dapat taglayin ng isang akdang pampanitikan na ayon kay Alejandro ay:

- Bisa sa isip
- Ang bias sa kasalanan
- Bisa sa damdamin

Marginal man ayon sa mga sosyologo ay ang taong nahahati sa pagitan ng dalawang kultura.


MARAMING SALAMAT!
INIHANDA NINA:
Bb. Romelyn Allan Tabbu
Bb. Rosemelyn Libed dela Cruz
Bb. Kimberly Bucayu Atal